



## Karahasan sa pamilya at tahanan. Oras na upang sabihing tama na.

Ang karahasan sa pamilya at tahanan ay hindi matatanggap.

Ang karahasan sa pamilya at tahanan ay kilos na nagiging sanhi ng pangangamba ng isang tao.

Ito ay maaaring:

- abusong pisikal, pasalita, pandamdamin, sekswal o pangkaisipan
- pagpapabaya
- abusong pampinansiyal
- lihim na pagsubaybay
- pagkontrol sa isang tao
- pagpinsala sa isang tao, hayop o ari-arian
- pagpigil ng pagsali sa gawaing pang-espirituwal o pangkultura, at
- paglalantad sa mga bata sa mga kilos na ito.

Lahat ng tao ay maaaring makaranas ng karahasan sa pamilya at tahanan. Ito ay maaaring mangyari sa lahat ng klase ng pakikipag-relasyon, kabilang ang:

- mga nakaraan o kasalukuyang pakikipag-relasyon, anuman ang kasarian o sekswalidad
- mga kamag-anak at tagapag-alaga
- mga tagapag-alaga ng matatanda, mga taong may kapansanan o kondisyon medikal, at
- mga grupo ng pamilya sa kinikilalang kultura.

Ang mga taong naaapektuhan ng karahasan sa pamilya at tahanan ay maaaring mamuhay nang may pangamba para sa sarili at sa kanilang mga pamilya. Ito ay maaaring mangyari kahit matapos nilang iwanan ang marahas na pakikipag-relasyon.

## Suporta

Kung ikaw o ang isang kilala mo ay naapektuhan, maiuugnay ka namin sa mga serbisyo sa komunidad, kabilang ang mga espesyalista, pangkagipitang akomodasyon, pabahay at pambatas na tulong.

Maaari din naming alamin kung ikaw ay marapat para sa aming mga kabayaran at serbisyo, kabilang ang:

- mga kabayarang pangsuporta sa kinikita
- Crisis Payment
- mga iksempsiyon mula sa paghahanap ng trabaho
- pagkolekta ng suporta para sa anak
- mga serbisyo ng panlipunang kawanggawa.

Kami ay mayroong mga libreng tagasalin sa wika. Upang makipag-usap sa amin sa iyong wika:

- tumawag sa **131 202** tungkol sa mga Centrelink na kabayaran at serbisyo, o
- tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** tungkol sa Medicare at Child Support na mga kabayaran at serbisyo.

Makatitingin ka rin sa **humanservices.gov.au/enough** o bumisita sa isang sentro ng serbisyo.

## Higit pang impormasyon

Isang *Family Safety Pack* ang makukuha sa wikang Ingles at sa ibat ibang wika. Mayroon itong impormasyon tungkol sa mga batas sa Australia ukol sa karahasan sa pamilya at tahanan, pag-atakeng sekswal, sapilitang pagpapakasal at mga visa para sa kapareha. Bisitahin ang **dss.gov.au/familysafetypack**

Mayroon ding makukuhang ibat ibang serbisyong pangsuporta sa komunidad, kabilang ang:

- **1800RESPECT**

Tumawag sa **1800 737 732**—may makukuhang serbisyo ng tagasalin sa wika—o bumisita sa **1800RESPECT.org.au**

Ang 1800RESPECT ay isang pambansang serbisyo ng pagpapayo para sa karahasan sa pamilya at pag-atakeng sekswal. Ang serbisyo ay libre at kompidensiyal. Makukuha 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo.

- **Family Relationship Advice Line**

Tumawag sa **1800 050 321** o bumisita sa **familyrelationships.gov.au**

Ang Family Relationship Advice Line ay nagbibigay ng impormasyon at payo tungkol sa mga isyu ng relasyong pampamilya at pag-aayusan ng mga magulang matapos maghiwalay. Mayroon sa kanilang website ng mga impormasyong nakasalin sa ibang wika, at maisasangguni ka sa makakatulong na mga lokal na serbisyo.

Bukas mula alas-8 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi Lunes hanggang Biyernes, at mula alas-10 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon tuwing Sabado (sarado kung pista opisyal).

- **MensLine Australia**

Tumawag sa **1300 789 978** o bumisita sa **mensline.org.au** para sa Ingles lamang na impormasyon.

Ang MensLine Australia ay nagbibigay ng suporta sa teleono at online para sa kalalakihan, impormasyon at pagsangguning serbisyo. Ito ay nagbibigay rin ng espesyalistang suporta sa mga taong nagsasagawa o dumaranas ng karahasan sa pamilya at tahanan.

Makukuha 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo

- **Financial Counselling Australia**

Tumawag sa **1800 007 007** o bumisita sa **financialcounsellingaustralia.org.au** para sa Ingles lamang na impormasyon.

Ang Financial Counselling Australia ay nag-aalay ng libre at kompidensiyal na pagpapayong pampinansiyal para sa mga taong dumaranas ng mga problemang pampinansiyal. Maaari itong makatulong na makaahon ang mga tao mula sa paulit-ulit na utang.

Makukuha mula alas-9.30 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon Lunes hanggang Biyernes (sarado kung pista opisyal). Ang numero ng teleono ay awtomatikong magkokonekta sa iyo sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa estado o teritoryo na pinakamalapit sa iyo.



## Family and domestic violence. It's time to say enough.

Family and domestic violence is not acceptable.

Family and domestic violence is behaviour that can cause a person to be fearful.

It can be:

- physical, verbal, emotional, sexual or psychological abuse
- neglect
- financial abuse
- stalking
- control of someone
- harm to a person, animal or property
- stopping spiritual or cultural participation, and
- exposing children to these behaviours.

All people can experience family and domestic violence. It can happen in all types of relationships including:

- past or current relationships, it doesn't matter the gender or sexuality
- relatives and guardians
- carers of older people, people with disability or a medical condition, and
- culturally recognised family groups.

People affected by family and domestic violence may live in fear for themselves and their family. This can happen even when they've left a violent relationship.

# Support

If you or someone you know is affected, we can connect you to services in the community, including specialists, emergency accommodation, housing and legal assistance.

We can also check if you are eligible for our payments and services, including:

- income support payments
- Crisis Payment
- exemptions from seeking employment
- collecting child support
- social work services.

We have free interpreters and translators. To speak to us in your language:

- call **131 202** about Centrelink payments and services, or
- the Translating and Interpreting Service (TIS National) on **131 450** about Medicare and Child Support payments and services.

You can also go to **humanservices.gov.au/enough** or visit a service centre.

## More information

A *Family Safety Pack* is available in English and in a range of languages. It has information about Australia's laws regarding family and domestic violence, sexual assault, forced marriage and partner visas. Go to **dss.gov.au/familysafetypack**

There are also a range of community support services available, including:

- **1800RESPECT**  
Call **1800 737 732**—interpreting services are available—or go to **1800RESPECT.org.au**  
1800RESPECT is the national family violence and sexual assault counselling service. The service is free and confidential. Available 24 hours a day, seven days a week.
- **Family Relationship Advice Line**  
Call **1800 050 321** or go to **familyrelationships.gov.au**  
The Family Relationship Advice Line provides information and advice on family relationship issues and parenting arrangements after separation. It has translated information on its website and can refer you to local services that can help.  
Available 8 am to 8 pm Monday to Friday and 10 am to 4 pm Saturday (closed public holidays).
- **MensLine Australia**  
Call **1300 789 978** or go to **mensline.org.au** for English information only.  
MensLine Australia provides telephone and online support for men, information and a referral service. It also provides specialist support to those who inflict or experience family and domestic violence.  
Available 24 hours a day, seven days a week.

- **Financial Counselling Australia**

Call **1800 007 007** or go to **financialcounsellingaustralia.org.au** for English information only.

Financial Counselling Australia offers free confidential financial counselling for people experiencing financial problems. It can help people to get out of the cycle of debt.

Available 9.30 am to 4.30 pm Monday to Friday (closed public holidays). The number will automatically direct you to a service provider in a state or territory closest to you.